

Pakikipagtulungan ng Tahanan-Paaralan

Ang mga magulang ay hinihikayat na

- Dumalo sa mga briefing na inorganisa ng paaralan o basahin ang mga kaugnay na abiso sa paaralan para maunawaan ang “Programang Maagang Pagkilala at Pamamagitan para sa mga Mag-aaral sa Primary One na may mga Kahirapan sa Pag-aaral”
- Talakayin ang pag-aaral ng bata sa mga guro
- Makipagtulungan sa paaralan para sa planong intervention na programa
- Dumalo sa mga kursong inorganisa ng paaralan sa mga kasanayan sa pagkilala ng salita, mga diskarte sa multi-sensory learning at nakapares na kasanayan sa pagbasa, atbp.

Tanong at Sagot

1 Ano ang maaaring gawin ng mga magulang kung pinaghihinalaan nilang nahihirapan ang kanilang anak sa pag-aaral?

Maaaring makipag-ugnayan ang mga magulang sa mga guro para talakayin ang pag-aaral ng kanilang anak at ang suportang kailangan.

2 Ano ang maaaring gawin ng mga magulang para matulungan kung ang kanilang anak ay matukoy na may kahirapan sa pag-aaral sa pamamagitan ng Programa?

Ang layunin ng Programa ay tukuyin ang kahirapan sa pag-aaral ng estudyante sa lalong madaling panahon para makapag-alok ng napapanahong suporta upang maiwasan na maging seryoso ang kanyang paghihirap sa pag-aaral. Ang mga magulang ay maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa (mga) programa ng suporta na inaalok ng paaralan sa kanilang anak at makipagtulungan sa paaralan para mapadali ang pag-aaral ng kanilang anak sa bahay.

3 Ano ang gagawin ng paaralan kung patuloy na nahihirapan ang estudyante sa pag-aaral pagkatapos makatanggap ng karagdagang suporta?

Kung ang kahirapan sa pag-aaral ng estudyante ay nananatiling malala o nagpapatuloy pagkatapos makatanggap ng karagdagang suporta, tatalakayin ng paaralan sa educational psychologist at isaayos ang karagdagang pagtatasa para maunawaan ng mag-aaral ang kanyang mga pangangailangan sa pag-aaral, upang makapagbigay ng naaangkop na suporta.

Mga Kapaki-pakinabang na Website at Numero ng Telepono para sa Pagtatanong

Para sa karagdagang detalye ng "Programang Maagang Pagkilala at Pamamagitan para sa mga Mag-aaral sa Primary One na may mga Kahirapan sa Pag-aaral", makipag-ugnayan sa paaralan ng bata o bisitahin ang sumusunod na website:

- 1 **Online na Impormasyon para sa “SENSE” Integrated Education at Special Education**
<https://sense.edb.gov.hk/en/integrated-education/transition-through-different-learning-stages/pre-primary-to-primary-schooling.html>
- 2 **Inclusion Pavilion, Hong Kong Education City**
https://www.hkedcity.net/sen/spld/basic/page_5292c930e34399b231000000

Mga Numero ng Telepono para sa Pagtatanong

Kawanihan ng Edukasyon Serbisyo sa Sikolohiyang Pang-edukasyon

| | |
|----------------------|----------------------|
| Hong Kong | 3695 0486 |
| Kowloon | 3698 4321/ 3907 0949 |
| New Territories East | 3547 2228 |
| New Territories West | 2437 7270 |

Programang Maagang Pagkilala at Pamamagitan para sa mga Mag-aaral

sa Primary One na may mga Kahirapan sa Pag-aaral



Panimula

Ang Programa ay isang taunang ehersisyo na ipinapatupad ng lahat ng pampublikong sektor ng mga primaryang paaralan sa Hong Kong. Nilalayan nito na tulungan ang mga paaralan na matukoy ang mga maagang mag-aaral sa Primary One (P.1) na nasa panganib na magkaroon ng kahirapan sa pag-aaral, para makapagbigay ng napapanahong suporta kung naaangkop. Karaniwang pinag-uugnay ng Student Support Team (SST) ng paaralan ang gawain na may propesyonal na suporta ng educational psychologist (EP). Ang mga bahagi ng Programa ay:



Maaaring magpakita ng sumusunod na katangian ang mga mag-aaral na P.1 na may kahirapan sa pagkatuto

Mga Konsepto sa Pagbasa at Bilang

- Hindi marunong magbasa ng mga simpleng salita o mga salitang bagong natutunan
- Nahirapan sa pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng numero, simpleng solong-digít na addition at subtraction

Kakayahan sa wika

- Hindi makaintindi ng mga payak na binigkas na pangungusap
- Hindi malinaw na maipahayag ang mga sariling pangangailangan sa salita

Memorya

- Hindi makasunod sa mga multi-step na pasalitang tagubilin hal., "Kunin ang mga chopstick sa kusina at ilagay ang mga ito sa mesa."

Sulat-kamay

- Hindi marunong sumulat ng mga simpleng salita
- Malamyang paghawak ng lapis
- Madalas na pagbubura habang nagsusulat
- Pagbabaliklad ng mga titik o bahagi ng salita

Atensyon

- Madaling magambala
- Hindi mapakali sa upuan
- Madaling mapagod

Work Flow ng Programa Primary One

Obserbasyon (Setyembre hanggang Disyembre)

Inoobserbahan ng mga guro ang performance sa pagkatuto at asal ng bawat P.1 na mag-aaral

Pagtukoy at Pagtatakda ng Mga Plano ng Intervention (Disyembre hanggang Pebrero)

- Kinukumpleto ng mga guro ang Checklist ng Obserbasyon para sa mga guro (Observation Checklist for Teachers, OCT) para sa mga mag-aaral na pinaghihinalaang nasa panganib ng pagiging hirap sa pagkatuto
- Tukuyin ang mga mag-aaral na may bahagya o natukoy na nahihirapan sa pagkatuto na may sanggunian sa mga resulta sa pagtukoy at bumuo ng mga plano ng intervention para sa kanila

Intervention at Kasalukuyang Pag-monitor ng Pag-unlad (Enero hanggang Hulyo)

Bumubuo at nagpapatupad ang SST ng mga plano sa pagsuporta sa pagkatuto para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pagkatuto, kasama na ang

- Pagbibigay ng suporta sa pagkatuto;
- Pag-aayos ng mga pagsasaalang-alang para sa mga takdang-aralin at pagsusuri;
- Pagsusuri sa pag-unlad ng mga mag-aaral at pagbabago ng plano ng intervention; at
- Pag-aayos ng mga pagsusuri para sa indibidwal na mag-aaral na lubhang nahihirapan sa pagkatuto

Sa susunod na taong pampaaralan

Pagsusuri ng Pag-unlad/Follow-up na Suporta

Para sa mga estudyante na nagpapakita ng kasiya-siyang pag-unlad, magpapatuloy ang mga guro ng subject na

- Bantayan ang mga kondisyon
- Mag-alok ng suporta kung naaangkop

Para sa mga mag-aaral na walang kasiya-siyang pag-unlad, ang mga paaralan ay dapat

- Magbigay sa kanila ng karagdagang suporta sa pagkatuto
- Regular na suriin ang kanilang pag-unlad

Suporta sa Pagkatuto

Suporta sa Silid-aralan

- hal.
- Pag-adapt sa kurikulum
 - Pag-adjust sa pagtuturo sa silid-aralan
 - Kaluwagan sa takdang-aralin
 - Kaluwagan sa pagtatasa

Konsultasyon at Pagsusuri ng mga Espesyalista (Pebrero hanggang Hulyo)

Mga Pang-edukasyong Psychologist

- Nagbibigay ng konsultasyon kaugnay ng pagkatuto ng mga indibidwal na mag-aaral
 - Pag-aayos ng mga pagsusuri at konsultasyon para sa mga mag-aaral na natukoy na lubhang nahihirapan sa pagkatuto
- ➔ Babaguhin ang mga plano ng intervention sa paaralan ng mga mag-aaral batay sa mga resulta ng pagsusuri ng mga espesyalista.

Konsultasyon at Pagsusuri ng mga Espesyalista

Tinutulongan ng mga Pang-edukasyong Psychologist ang mga paaralan sa

- Pagsusuri sa pag-unlad ng mga mag-aaral
 - Pag-aayos ng pagsusuri ng mga mag-aaral na nagpapakita ng tuloy-tuloy na paghihirap sa pagkatuto
- ➔ Inaayos ng paaralan ang mga plano ng intervention ng mga mag-aaral batay sa mga resulta ng pagsusuri ng mga espesyalista.

Mga Programa para sa Grupo

- hal.
- Grupo sa pagsasanay para sa mga kahusayan sa pagbasa at pagsulat
 - Grupo sa pagsasanay para sa mga kahusayan sa pag-aaral
 - Grupo sa pagbabasa ng nakapares
 - Grupo sa pagsasanay ng atensyon
 - Grupo sa pagsasanay para sa mga kasanayang panlipunan